Introduction to Biblical Christian Worldview

© Conrad Jun Tolosa
Revised March 20, 2020

Part Five. Ang Tungkol sa Lipunan

1. Relasyon

Ang lipunan ay kapisanan ng mga mamamayan na may kasunduan na mamuhay nang sama-sama. Mayroon silang pinagkasunduang sistema ng batas upang mapanatili ang kapayapaan nang sa ganoon sila ay makapangalakal tungo sa kaunlaran. Ibig sabihin, napakahalaga na ang mga kapisan sa isang lipunan ay may pagtingin sa isa't isa dahil ang kapayapaan ay hindi mapananatili kapag may mga miyembro na hindi contento sa kanilang kalagayan. Ang mga discontenting miyembro ay tiyak na magiging sanhi ng friction tungo sa disruption ng araw-araw na pamumuhay ng lipunan.

Pinangaral ng Panginoong Jesus na ang una at ikalawang greatest commandments ay, "Mahalin mo ang Diyos ng buong puso, buong kaluluwa, buong isipan at buong lakas, at mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili (Matthew 22:36-39; Luke 10:27).

Madaling sabihin ng isang tao na mahal niya ang Diyos nang walang isip-isip. Kaya naman sinabi ni Apostol Juan na ang nagsasabi na mahal niya ang Diyos subalit hindi nagmamahal sa kapwa ay nagsisinungaling dahil sa kung sino ang nagmamahal sa Diyos ay dapat na nagmamahal din sa kanyang kapwa (1 John 4:20-21).

Kung ano ang kalidad ng relasyon ng tao sa Diyos, gayon din ang kalidad ng relasyon niya sa kanyang kapwa.

Minsan ang magkapatid na Cain at Abel ay nagbigay ng handog sa Diyos (Genesis 4). Tinanggap ng Diyos ang alay ni Abel subalit tinanggihan Niya ang handog ni Cain. Ang kaibahan ng mga handog ay nasa naghandog. Si Abel ay may pusong nagtitiwala sa Diyos samantalang ang puso ni Cain ay malayo sa Diyos. Nagalit si Cain sa Diyos sapagkat kinalugdan ng Panginoon si Abel at hindi siya. Dahil sa hindi nagtiwala sa payo ng Diyos si Cain, ang kanyang galit ay nauwi sa ngit-ngit na nauwi sa pagpatay ng kanyang kapatid. Pinagdiskitahan ni Cain si Abel sapagkat hindi niya kayang labanan ang Diyos.

Kung tayo man ay hindi pa nakasisiguro kung anong klaseng lipunan ang kahihinatnan ng mga taong namumuhay sa labas ng presensya ng Diyos, huwag na tayong magtaka. Sa Genesis 6 sinasabi na ang buong mundo nang panahon ni Noah ay puno ng kasamaan, karahasan at kabulukan. Ang patuloy na iniisip ng mga tao noon ay pawang kabuktutan lamang.

Ang tanong ay ito: Mayroon bang magagawang kabutihan sa kapwa ang mga taong walang takot sa Diyos?

Pinagdidiinan ng araling ito ang sinabi ng Panginoong Jesus na ang tao ay hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon, mamahalin niya ang isa at kamumuhian naman ang isa. Hindi tayo makapaglilingkod sa Diyos at Pera.

Nakalulungkot ang kinagigisnan ng mga kabataan dito sa ating bayan. Mataas man ang katungkulan o mababa, mayaman man o mahirap, ang ugaling napapagmasdan ay maipipinta sa kasamaan, karahasan, kabulukan at kabuktutan. Parang ang paghahari ng kasalanan ay wala nang katapusan. Maging opisyal man sa gobyerno o militar, maging tanyag man o pangkaraniwang mamamayan, lahat ay sumasang-ayon na ang lahat ay gumagawa ng kasalanan sa pagkita ng pera. Ang mga taong walang takot sa Diyos ay walang gagawing mabuti sa kanilang kapwa.

Subalit, may pag-asa pa. Masdan natin ang mga Cristiano matapos umakyat sa langit si Cristo. Sila ay may pagkakakaisa sa puso't diwa. Walang nag-aangkin na ang kanyang mga ari-arian ay sa kanya lamang. Kung kinakailangan, nagbebenta ng bahay at lupa ang mga maykaya upang matulungan ang mga nagkukulang. Acts 4:32-35

Pag-isipan at Sagutin:

1. Ano ang ibig sabihin ng lipunan?
2. Paano mo masusukat ang kalidad ng iyong relasyon sa Diyos at sa iyong kapwa?
3. Mayroon bang magagawang kabutihan sa kapwa ang mga taong walang takot sa Diyos?
4. Anong klaseng relasyon mayroon ako sa Diyos?
5. Paano dapat ibigin ng tao ang Diyos?

© Revised March 20, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.